Hakbang 1: Pagtibayin ang Iyong Lugar

Ang Pitong Hakbang Tungo sa Kaligtasan sa Lindol

Earthquake Country Alliance

Ang pagyanig ng lindol ay maaring magpagalaw ng halos lahat, kahit malalaki at mabibigat na bagay. Isipin ang iyong bahay o lugar ng trabaho na niyayanig ng lindol patagilid at pataas-baba – ano ang maaaring bumagsak? **Paano mo ito maiiwasan?**



UMPISAHAN NGAYON sa pamamagitan ng paglilipat ng mga kasangkapan gaya ng estante ng libro palayo sa kama, sopa, o sa ibang lugar na inuupuan, tinutulugan, o pinananatilihan ng mga tao. Ilipat ang mga mabibigat na bagay sa ibabang bahagi ng estante at isandig ang mga estante sa dingding. Tapos ay ipagpatuloy ang iyong **"paghahanap ng peligro"** upang matulungang makilala at maayos ang mga bagay gaya ng mga hindi nakaayos na telebisyon, computer, kasangkapan, pampainit ng tubig, atbp. Gamitin ang tala sa ibaba upang ilista ang mga kailangan mo upang mapagtibay ang mga gamit at maplano kung paano ito gagawin. Ang patnubay kung paano pagtitibayin ang karamihan ng mga gamit ay nasa **EarthquakeCountry.org/step1**.

Gamit na Pagtitiibayin o Ililipat	Lokasyon	Paano	Sino	Kailan



Cal OES Governor's Office of Emergency Services

FEMA

nehrp

© 2021 Earthquake Country Alliance